

## PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna para sa Polio

## Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

### 1 Bakit kailangang magbabakuna?

Ang pagbabakuna ay makakapagprotekta sa mga tao mula sa **polio**. Ang polio ay sakit na dulot ng virus. Kumakalat ito dahil sa kontak sa mga tao. Maaari rin itong kumalat sa pagkain o inumin na kontaminado ng dumi ng may impeksiyong tao.

Karamihan ng mga taong naimpeksiyon ng polio ay walang sintomas at marami ay gumagaling nang walang komplikasyon. Pero minsan, ang mga taong nagkaka-polio ay nagkakaroon ng pagkaparalisa (hindi maigalaw ang kanilang mga braso o binti). Maaaring magresulta ang polio sa permanenteng kapansanan. Ang polio ay maaari ring magdulot ng pagkamatay, karaniwang napaparalisa ang mga kalamnang ginagamit para sa paghinga.

Dati ay napakakaraniwan ang polio sa Estados Unidos. Pinaralisa nito at pinatay ang libu-libong tao bawat taon bago ipinakilala ang bakuna para sa polio noong 1955. Walang gamot sa impeksiyon sa polio, pero mapipigilan ito sa pamamagitan ng pagbabakuna.

Naalis na ang polio mula sa Estados Unidos. Pero nagaganap pa rin ito sa ibang bahagi ng mundo. Isang tao lang na may polio galing sa ibang bansa ang kailangan para maibalik ang sakit dito kung hindi tayo protektado ng pagbabakuna. Kung ang pagsusumikap na maalis ang sakit mula sa mundo ay matagumpay, balang araw ay hindi na natin kakailanganin ang bakuna sa polio. Ngunit bago natin marating ang araw na iyon, kailangan nating patuloy na ipabakuna ang mga anak natin.

### 2 Bakuna para sa Polio

Mahahadlangan ng Inactivated Polio Vaccine (IPV) ang polio.

#### Mga bata

Karamihan ng mga tao ay dapat magkaroon ng IPV kapag bata pa sila. Ang mga dosis ng IPV ay karaniwang ibinibigay sa 2, 4, 6 hanggang 18 buwan at sa 4 hanggang 6 na taong gulang.

Maaaring iba ang iskedyul para sa ilang bata (kasama ang mga nagbibiyaha sa ilang bansa at mga nakakatanggap ng IPV bilang bahagi ng kumbinyasyong bakuna). Ang

Polio (IPV) VIS – Tagalog (7/20/2016)

iyong tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

#### Mga nasa hustong gulang na

Karamihan ng nasa hustong gulang na ay hindi kailangan ng IPV dahil nabakunahan na sila laban sa polio bilang mga bata. Pero ang ilang nasa hustong gulang na ay may mas mataas na peligro at dapat isaalang-alang ang pagpapabakuna laban sa polio, kabilang ang:

- mga taong nagbibiyaha sa ilang bahagi ng mundo,
- mga nagtatrabaho sa laboratoryo na maaaring humawak ng polio virus, at
- mga trabahador sa pag-aalaga ng kalusugan na gumagamot sa mga pasyente na maaaring may polio.

Ang mga nasa hustong gulang na ito na mas mataas ang peligro ay maaaring kailangan ng 1 hanggang 3 dosis ng IPV, depende kung ilang dosis ang nakuha nila sa nakaraan.

Walang nalalamang peligro sa pagkakaroon ng bakunang IPV kasabay ng mga ibang bakuna.

### 3 May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

Sabihin sa taong magbibigay ng bakuna:

- **Kung ang taong magpapabakuna ay may anumang malalang allergy na mapanganib sa buhay.** Kung nagkaroon ka ng mapanganib sa buhay na allergic na reaksiyon matapos ang dosis ng IPV, o may malalang allergy sa anumang bahagi ng bakunang ito, maaaring payuhan kang huwag magbabakuna. Tanungin ang tagapaglaan mo ng pag-aalaga sa kalusugan kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa mga bahagi ng bakuna.
- **Kung hindi maganda ang pakiramdam ng taong nagpapabakuna.** Kung may banayad kang sakit, tulad ng sipon, malamang ay maaari kang magbabakuna ngayon. Kung ikaw ay may katamtaman o matinding sakit, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Mapapayuhan ka ng doktor mo.



U.S. Department of  
Health and Human Services  
Centers for Disease  
Control and Prevention

**4****Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna**

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga side effect. Karaniwan ay banayad ito at mawawala nang kusa pero posible rin ang mga malalang reaksiyon.

Ang ilang taong nakakakuha ng IPV ay nagkakaroon ng pananakit sa bahaging ininiksiyonan. Hindi nalalaman na magdudulot ang IPV ng mga malalang problema, at karamihan ng mga tao ay walang anumang problema dito.

**Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng bakunang ito:**

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay at mga pinsalang dulot ng mga pagkatumba. Sabihin sa iyong tagapaglaan kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay sumasakit ang balikat na maaaring mas malala at mas matagal kaysa sa mas karaniwang pananakit na maaaring mangyari kasunod ng mga iniksiyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay napakabihira, na tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: [www.cdc.gov/vaccinesafety/](http://www.cdc.gov/vaccinesafety/)

**5****Paano kung may isang malubhang problema?****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina. Magsisimula ito nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Translation provided by the Immunization Action Coalition

**Ano ang dapat kong gawin?**

- Kung sa iyong palagay ay isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makakapaghintay, tumawag sa 9-1-1 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tumawag sa iyong klinika.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna). Maaaring isumite ng doktor mo ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

*Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.*

**6****Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna**

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) (Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna) ay isang pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng mga partikular na bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring makakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng claim sa pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation). May limitasyon sa panahon ng pagsasampa ng claim para sa kabayaran.

**7****Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?**

- Tanungin ang tagapaglaan mo ng pag-aalaga ng kalusugan. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Pumunta sa website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

**Vaccine Information Statement  
Polio Vaccine**

7/20/2016

Tagalog

42 U.S.C. § 300aa-26

Office Use Only

